Tahimik na oras

Ang tahimik na oras ay mga oras kung kailan walang tine-text sa mga customer mo. Ikaw ang pipili kung gusto mo nito, at kung kailan.

Mga hakbang

1. Buksan ang Configure, saka ang Tahimik na oras.
2. Piliin ang Walang tahimik na oras, o itakda ang oras ng pagtigil ng mga text at ang oras ng muling pagsisimula.
3. Pindutin ang I-save.

Mabuting malaman

Sinusunod ng tahimik na oras ang sariling time zone ng bawat customer.

Naghihintay ang text na lalabas sana sa tahimik na oras, at ipinapadala ito pagkatapos nito. Saklaw nito ang lahat ng uri ng text, pati ang mga paghingi ng review.

Sinasagot pa rin ang customer na nag-text sa iyo sa tahimik na oras, dahil siya ang nagsimula ng usapan.